# Tigsik at Tirigsikan: Sipat at Suri sa mga Piling Pasalitang Tulang Caramoranon ng Isla Catanduanes, Pilipinas

# *Tigsik and Tirigsikan: An Analysis of Selected Caramoran Oral Poems in the Island of Catanduanes, Philippines*

**Jovert R. Balunsay**
**Susan M. Tindugan**
Catanduanes State University, Pilipinas
manlagnitjayrobin@gmail.com

**Abstrak:** Maituturing na yaman ng isang bayan ang mga akdang pampanitikang umiiral dito. Patula man o tuluyan, pasalita man o pasulat ang isang akda ay maituturing itong daluyan ng samot-saring kaalaman, kaugalian, pagpapahalaga, at kultura. Ang mga pasalitang tula ay isa lamang sa di-mabilang na yaman ng panitikan na dapat maisapapel upang matagumpay itong maipasa sa mga susunod na henerasyon. Pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ang paglilikom ng mga umiiral na oral na tula ng bayan ng Caramoran, Catanduanes. Sangkot sa pag-aaral na ito ang mga impormanteng may kabatiran sa pagbigkas ng tulang Catandunganon. Ang mga tula ay nakalap ng mananaliksik sa pamamagitan ng pagtiteyp ng mga ito mula sa mga impormante. Isa-isang dumaan sa transkripsiyon ang mga tula at nang maisapapel na ay sinuri ito ng mananaliksik. Tuon sa pagsusuri ang pagtukoy sa estruktura at tema ng 20 tula. Sangkot sa estruktural na pagsipat ang paglalarawan sa sukat at tugma ng mga tula habang ang paksa, pagpapahalaga, at aspektong kultural naman ang saklaw ng tematikong pagsipat. Batay sa resulta ng pagsusuri, ang mga piling pasalitang Caramoranon ay hindi gaanong sumusunod sa pagsusukat ng mga pantig subalit kadalasan silang gumagamit ng mga monorimang tugmaan. Monorima ang tugmaan kung ito ay may magkakahawig na tunog sa lahat ng taludtod. Lahat ng umiiral na pasalitang tulang Caramoranon ay nasa anyong tigsik, isang katutubong tulang Bikolnon na karaniwang binibigkas ng mga manginginom habang nasa umpukan. Tirigsikan ang tawag ng mga Caramoranon sa pagbigkas ng naturang uri ng tula. Sa pananaliksik na ito, ang mga bumibigkas ng tigsik sa nabanggit na mga pamayanan ay pawang matatandang babae at lalaki. Wala itong tiyak na haba o bilang ng saknong sa bawat pasalitang tula subalit karaniwang binibigkas ito gamit ang diyalektong Bikol-Caramoranon. Kadalasan ay binubuo ng apat na taludtod sa bawat saknong ang mga tigsik. Pangunahing paksa sa kanilang mga tigsik ang tungkol sa araw-araw at pangkaraniwang buhay ng mga tao sa kanayunan, ilang suliranin sa kanilang lugar, mga gawi ng mga pari at politiko, pagsasaka, pananampalataya, at pakikipagkapuwa. Hitik din sa pagpapahalaga at kultura ang mga pasalitang tulang Caramoranon. Marami sa mga tigsik ang nagtatampok sa pananampalatayang Caramoranon katulad ng pagsasagawa ng pabasa o pagkanta ng Pasyon tuwing Mahal na Araw pati na ang mabubuting kaugalian ng mga mamamayan sa nasabing lugar.

**Mga Susing Salita**: Tulang Bikol, Tigsik, Paglilikom, Transkripsiyon, Antolohiya

Copyright © 2017 by De La Salle University

**Abstract:** *Literature is considered wealth of the place where it came from. Oral or written, prose or poetry, any literary piece serves as a wellspring of different thoughts, beliefs, values, and culture. Oral poetry is one of the countless gems of literature that should be written in order to be successfully passed on to the next generation. This study aimed to collect oral poetry in the municipality of Caramoran, Catanduanes. It includes informants who know how to recite Catandunganon poetry. The poems were collected through recording of the poems from the informants/poets, and underwent transcription and analysis. The focus of the analysis in the structural aspect was the description of the meter, rhyme, pause, and types of stanza used, while the focus of the thematic analysis are topics, values, and cultural aspects. Based on the analysis, Catandunganon poetry does not have a structured meter but poets use rhyming words in most of their poems. All poems that were analyzed in this research are in a form of tigsik, a traditional Bicol poem usually spoken in social gathering like a wake, wedding, fiesta, birthday party or even in usual gatherings among the neighbourhood. The language that they are using is the Bicol-Caramoranon dialect. Often times, their poetry is composed of four lines in every stanza. The common theme in their tigsik is the everyday life in the rural area, problems and challenges that villagers encounter, behaviour of priests and politicians, faith in God, and farming. Most of the poems reflect Caramoranon culture, beliefs, and practices like the sining of Pabasa or Pasyon every Holy Week.*

***Keywords:*** *Poetry, Structural analysis, Culture, elements of poetry, oral literature*

## Panimula

Bawat bayan sa Pilipinas ay may maipagmamalaking yaman. Ang mahigit 7,000 pulo ng bansang ito ay maraming mga tagong kagandahan mula sa mga likas na yaman, magagandang tanawin, tradisyon, kultura, wika, at literatura. Bawat bayan ay may literatura, at sa mga literaturang ito, patula man o nasa anyong tuluyan nagkukubli ang identidad ng mga Pilipino bilang isang lahi. Napatunayan na ito ng iba't ibang akademiko at iskolarling babasahin pati na ng mga tesis at disertasyong pang-akademya na nagtampok sa paglilikom, pagsasalin, pagsusuri, at pag-aaral ng iba't ibang akdang pampanitikan.

Ipinakikita ang lawak ng benipisyong makukuha ng edukasyon sa mga tekstong literari hindi lamang bilang lunsaran kundi mabisang tagapagbahagi ng mga kaalamang panlipunan, pampolitika, pang-ekonomiya, pangkultura, at panrelihiyon. Masasalamin sa kontent ng teksto pati na rin sa mga konteksto at subteksto ng mga ito ang obhetibong pagtalakay sa mga namamayaning isyung pangkapaligiran.

Malinaw na nakasaad sa saligang batas ng Pilipinas ang tungkol sa paglinang ng kultura ng bansa na nagsasabing ang pagganyak sa mga Pilipino na magsaliksik at patuloy na magpayaman dito ay nararapat na gawin ng lahat upang lalo pa itong mapaunlad para sa susunod na henerasyon. Ganito ang nakasaad sa Artikulo 14, Seksiyon 14 na dapat itaguyod ng Estado ang pangangalaga, pagpapayaman, at dinamikong ebolusyon ng isang pambansang kulturang Pilipino salig sa simulaing pagkakaisa sa pagkakaiba-iba sa kaligirang malaya, artistiko, at intelektuwal na pagpapahayag. Ibig ipakahulugan ng probisyong ito ng Saligang Batas na suportado ng pamahalaan ang simulain at prinsipyo ng pagtuklas ng mga arkaykong paraan ng pagpapahayag sa pamamagitan ng masisining na akda upang maipasa sa susunod na henerasyon ang anumang umiiral na kulturang Pilipino sa kasalukuyan. Mababasa ang sinasabing malaya, artistiko, at intelektuwal na pagpapahayag sa mga akdang maingat na hinabi ng malilikhaing kamay ng mga makata at manunulat ng lahi. Mga tagong yaman na nararapat

pakaingatan, pangalagaan, at lalo pang pagyamanin. Sinusugan ang naturang probisyon ng Seksiyon 15 na nagsasabing dapat tangkilikin ng Estado ang mga sining at panitikan. Dapat pangalagaan, itaguyod, at palaganapin ng Estado ang pamanang historikal at mga likha at mga kayamanang batis artistiko ng bansa.

Mabisa at mainam na paraan ng pagtangkilik sa sining at panitikang pambayan ang palagiang paglingon, pagsipat, at edukasyonal na pag-aanalisa sa mga akdang pampanitikan. Dapat ay malikom at sa wakas ay maisapapel lalong lalo na ang mga panitikang hanggang ngayon ay panitikang pasalindila pa rin sa kabila ng paglaganap ng makabagong teknolohiya. Ang pagkawala ng mga may-alam sa mga ito ay nangangahulugang paglalaho rin ng mga prinsipyo, damdamin, pagnanais, at kariktan ng literaturang sila lamang ang may alam. Kapag naganap ang ganitong penomenon na maituturing na krisis panliteratura ay tila mapuputol ang tulay na nagdurugtong sa kahapon, ngayon, at bukas. Hindi na mababakas ang pinagmulan kaya hindi na rin maihahatid ang kasalukuyang kaalaman at kultura sa susunod na salinlahi.

Isa ang Caramoran sa 11 bayan ng Catanduanes na may mayamang kultura at pagtatangi sa relihiyon. Sinasalamin ng mga kapistahang pambarangay, pabasa tuwing Mahal na Araw, Panunuluyan tuwing Pasko, at Salubong tuwing Pasko ng Pagkabuhay ang di-matatawarang pagtatangi ng mga Caramoranon sa kanilang nakagisnang kultura at paniniwala.

Sa bayan ding ito, noon pa ay laganap na ang mga pasalitang tula na hanggang ngayon ay hindi pa naisasapapel. Ilan sa mga tulang ito ay tanging matatanda na lamang ang bumibigkas. At ang pagkawala ng matatandang ito sa takdang panahon ay nangangahulugang paglalaho rin ng isa sa mga pambihirang yaman ng isla sa probinsiya—ang pasalitang tula o tigsik na karaniwang isinasagawa sa mga pangkaraniwang pagtitipon kagaya ng lamay,




***Figura 1.*** *Mapa ng Lokasyon ng Lalawigan ng Catanduanes at ang 11 bayan nito*

kasal, kaarawan, at iba pa. Tirigsikan ang tawag nila sa sining ng pagbigkas ng tigsik.

## Suliranin at Kahalagahan

Tinalakay sa papel na ito ang kasagutan sa sumusunod na katanungan: 1.) Ano ang katangiang estruktural ng mga piling pasalitang tulang Caramoranon ayon sa sukat at tugma? 2.) Ano-ano ang mga paksa ng mga piling pasalitang tulang Caramoranon? 3.) Ano-anong pagpapahalaga ang nakapaloob sa mga piling pasalitang tulang Caramoranon? 4.) Anong aspektong kultural ang nakapaloob sa mga piling pasalitang tulang Caramoranon?

Mahalaga ang pag-aaral na ito bilang kasangkapan sa paglinang ng gawi, saloobin, at pagpapahalaga ng mga mag-aaral; isang dagdag na babasahin na magagamit bilang lunsaran sa pagtuturo; at isang paraan upang lalo pang mapaunlad ang wika at panitikan na masasalamin sa mga katha at maaari ring dagdag na akdang magtatampok ng kayamanan ng lahing kayumanggi.

## Metodolohiya

Ginamit ang disenyong *cross sectional survey* na disenyo ng pananaliksik at palarawang pamamaraan. Sa pamamagitan ng *convenient sampling technique* ay tinukoy ng mga mananaliksik sa tulong ng mga enumerators at transkrayber na pawang mga Filipino Major na taga-Caramoran, tinukoy ang mga impormante na marunong o may kaalaman sa pagbigkas ng tula.

Nalikom ang mga tula sa pamamagitan ng pagrerekord nito sa tulong ng mga mag-aaral. Dinaluhan nila ang ilang okasyon sa kani-kanilang barangay gaya ng pista, anibersaryo, kaarawan, lamayan, at iba pa na laganap ang tirigsikan o pagbigkas ng tulang ito lalo na ng mga manginginom na unti-unti nang nalalasing. Sa pagkakataong iyon, inirekord na ang kanilang pagtula; ang iba namang impormante ay mga may edad nang mamamayan na dati nang may alam sa tula, pinabigkas ang ilan sa kanila at inirekord, samantalang ang iba nama'y isinulat na lang ng mga mag-aaral habang idinidikta ng impormante; may ilang kabataang may alam din ng tula dahil narinig sa kanilang mga magulang, lolo, lola, at iba pang kamag-anak o kaibigan. Nakalikom ng 20 tula ang mga mananaliksik. Pagkatapos ng transkripsiyon ay binasa nang mabuti at sinuri ang 20 tula ayon sa mga aspektong estrukturalistiko at tematiko saka ginawan ng masusing interpretasyon. Gumamit ang mga mananaliksik ng mga angkop na *content analysis sheets* para sa estrukturalistiko at tematikong pagsipat ng 20 tula. Sa pagsusuri ng sukat at tugma ay ginamit ang pag-uuri-uri ng mga ito ni Macaraig (2004). Sa pagsipat naman sa paksa, pagpapahalagang nakapaloob, at aspektong kultural, sumangguni ang mga mananaliksik sa pag-aaral nina Cantar at Tindugan.

## *Tigsik at Tirigsikan:* Sipat at Suri sa mga Piling Pasalitang Tulang Caramoranonng Isla Catanduanes, Filipinas

*Sukat at Tugma*

Likas na sa mga Pilipino ang pagtula. Malaki ang gampanin ng tula sa kanilang araw-araw na pamumuhay. Sa aklat ni Belvez na *Panitikan sa Pilipinas*, tinukoy niya ang mga tula ng ating mga ninuno bilang mga karunungang-bayan. Bawat gawain kasi ng ating mga ninuno ay may kakambal na tula. Sinuri ng mga mananaliksik ang mga pasalitang tula sa Caramoran na karaniwan nang mauuri sa tigsik, isang katutubong tula ng mga Bikolano. Gayunman, makikita ring may kakaiba itong katangian lalo na sa sukat.

Makikita sa pagsusuri na walang talagang tiyak na sukat ang mga piling pasalitang tulang Caramoranon. Tumutugma ito sa sinabi nina Banzuela, et. al., na ang mga tigsik ng mga Bikolano ay walang tiyak na sukat sapagkat ito ay malayang binibigkas ng mga sinaunang Bikolano. Ibig sabihin, hindi ito dumaan sa proseso ng pagsasaayos at pag-eedit subalit nagtataglay pa rin ng matayog na kaisipan, aral, at pagpapahalaga ng mga Catandunganon.

Kaugnay nito, ang pangalawang mahalagang elemento ng tula ay ang tugma. Bahagi ng tradisyonal na pagtula ang pagkakahawig ng mga tunog sa dulong pantig ng mga taludtod ng tula o ang tinatawag ngang tugma ayon kay Macaraig. Mula pa sa *Florante at Laura* ni Francisco Balagtas at sa mga tula ng buhay at pag-ibig ni Jose Corazon De Jesus, naging palasak na ang pagtutugma-tugma ng mga salita sa dulong bahagi ng taludturan.

Sa panayam ni Coroza, inuri niya ang tugma sa dalawang pangkalahatang klasipikasyon—ang tugma

**Talahanayan 1a**. *Sukat ng mga Piling Pasalitang Tulang Caramoranon*

| Piling Pasalitang Tulang Caramoranon/ Tigsik | Walang Sukat | May Sukat | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | 8 | 10 | 12 | 14 | 16 | 18 |
| 1. Datagnon | / | | | | | | |
| 2. Kapadean | / | | | | | | |
| 3. Para-oma | / | | | | | | |
| 4. Kulturang Datagnon | / | | | | | | |
| 5. Manong Romy | / | | | | | | |
| 6. Catandungeno | / | | | | | | |
| 7. Paraha'got | / | | | | | | |
| 8. Mga Bagay-bagay | / | | | | | | |
| 9. Politiko | / | | | | | | |
| 10. Mga Estudyante | / | | | | | | |
| 11. Hanapbuhay | / | | | | | | |
| 12. Kung Ano-ano | / | | | | | | |
| 13. Del Sabeniano | / | | | | | | |
| 14. Pabasa | / | | | | | | |
| 15. Tigsik ning Caramoranon | / | | | | | | |
| 16. Tigsik ni Andoy Tignub | / | | | | | | |
| 17. Tignub | / | | | | | | |
| 18. Si Manay | / | | | | | | |
| 19. Sa Caramoran | / | | | | | | |
| 20. Andoy Tignub | / | | | | | | |

sa patinig at tugma sa katinig. Sa aklat naman ni Macaraig (2004) inuri niya rin ang tugma sa karaniwan o ganap at di-karaniwan o di-ganap. Ang tugma sa patinig ay maaaring may impit at walang impit habang ang tugma sa katinig ay maaaring malakas na kinabibilangan ng mga letrang b, d, g, k, p, s, at t at ang isa pa ay mahina na kinabibilangan naman ng mga letrang n, m, ng, l, r, y, at w.

Makikita ang iba't ibang tugmang ginamit ng mga Caramoranon sa kanilang mga tula. Sa tulang **Datagnon, Kapadean, Catandungeño, Paraha'got, Pulitiko, Mga Estudyante, Kung Ano, Pabasa, Tigsik ni Andoy Tignub, Si Manay, at Andoy Tignub** ay nasa **Tugmang Ganap** at nasa uring **Patinig na Walang Impit**. Pansinin ang ilang halimbawa: sa tulang **Datagnon,** ginamit sa unang saknong ang karaniwang uri ng tugmaan at ito ay nasa tugmang malakas na patinig sapagkat ang mga dulong salita ay taga-Data**g**, mauura**g**, matata**g**, at mabungkawa**s**. Karaniwan din ang tugmaan sa ikalawang saknong subalit walang impit ang mga dulong salita na kinabibilangan ng masagan**a**, pag-ogm**a**, ogm**a**, at nagbung**a**. Karaniwan at walang impit din ang tugmaan sa huling saknong na ipinakikita ng mga dulong salitang ta**ho**, pagsaramn**o**, nagtata**o**, at nabu**o**. Karaniwang uri ang ginamit sa ikalawang tulang pinamagatang **Kapadean**. Nasuring ang unang saknong ay may mga dulong salitang walang impit na kinabibilangan ng am**o**, tah**o**, San Pedr**o**, at har**o**, samantalang ang ikalawang saknong ay may mga patinig na mahina sa mga dulo ng taludtod nito

**Talahanayan 1b.** *Tugma ng mga Piling Pasalitang Tulang Caramoranon*

| Piling Pasalitang Tulang Caramoranon/Tigsik | Tugmang Ganap | | | | Tugmang Di- Ganap | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Patinig na May Impit | Patinig na Walang Impit | Katinig na Mahina | Katinig na Malakas | A A B B | A B A B | A B B A | Atbp. |
| 1. Datagnon | | / | | / | | | | |
| 2. Kapadean | | / | / | | | | | |
| 3. Para-oma | | | | | | | | / |
| 4. Kulturang Datagnon | | | / | / | | | | |
| 5. Manong Romy | | | / | | | | | / |
| 6. Catandungeno | | / | / | | | | | |
| 7. Paraha'got | | / | / | / | | | | |
| 8. Mga Bagay-bagay | | | | | | | | / |
| 9. Politiko | | / | | / | | | | |
| 10. Mga Estudyante | | / | | | | | | / |
| 11. Hanapbuhay | | | | | | | | / |
| 12. Kung Ano-ano | | / | / | / | | | | / |
| 13. Del Sabeniano | | | / | / | | | | / |
| 14. Pabasa | | / | / | / | | | | / |
| 15. Tigsik ning Caramoranon | | | / | / | | | | / |
| 16. Tigsik ni Andoy Tignub | | / | | | | | | / |
| 17. Tignub | | | | / | | | | |
| 18. Si Manay | | / | / | | | | | / |
| 19. Sa Caramoran | | | / | | | | | / |
| 20. Andoy Tignub | | / | | | | | | / |

na kinabibilangan ng kapadea**n**, kabanala**n**, kasa'ra**n**, at pigabunyaga**n**.

Nasa **Tugmang Ganap** pa rin ang mga tulang **Kapadean, Kulturang Datagnon, Manong Romy, Catandungeño, Paraha'got, Kung Ano-ano, Del Sabeniano, Pabasa, Tigsik ning Caramoranon, Si Manay** at **Sa Caramoran,** ngunit may mga tugmang **Katinig na Mahina.** Makikita sa halimbawa na Lahat ng saknong sa tulang **Kulturang Datagnon** ay may ganap o karaniwang uri ng tugmaan. Sa unang saknong, ang mga dulong salita ay Datagn**on**, magay**on**, orag**on**, at mamomot**on**. Ang magkakatugmang salita naman sa ikalawang saknong ay maghag**ot**, magti**os**, mahihig**os**, at makukus**og**. Sa huling saknong naman, magkakatugma ang mga salitang para-om**a**, abak**a**, nasalant**a**, at maas**a**. Ang tula ni **Manoy Romy** ay gumamit ng dalawang uri ng tugmaan. Karaniwang tugmaan ang nasuri sa unang saknong habang wala namang tugma ang ikalawa. Makikita sa unang saknong na ang mga dulong salita na may tugmang mahina ay ang bungura**n**, butoa**n**, pinanita**n**, at kasirama**n**. Sa ikalawang saknong naman, maaaring magkatugma ang dulong salita sa ikatlo at ikaapat na taludtod na daraga**n** at kapta**n** subalit ang dulong salita sa unang taludtod ay paya**s** at Alici**a** naman sa ikalawang saknong. Ang mga salitang ito ay hindi katugma ng daragan at kaptan.

Nasa ilalim pa rin ng **Tugmang Ganap** ngunit may tugmang nasa **Katinig na Malakas** ang mga tulang: **Datagnon, Kulturang Datagnon, Paraha'got, Politiko, Kung Ano-ano, Del Sabeniano, Pabasa, Tigsik ning Caramoranon,** at **Tignub**. Ang mga halimbawa'y: Ang ikapitong tigsik na pinamagatang **Para-hagot** ay may karaniwang tugmaan din. Ginamit sa unang saknong ang tugma sa malakas na katinig dahil ang mga dulong salita nito ay ang para-hago**t**,

hugo**t**, at naabo**t**. Sa ikalawang saknong naman, mahinang katinig ang ginamit sapagkat ang mga salitang nasa dulo ng taludtod ay abak**a**, niy**a**, at dar**a**. Ang huling salita naman ay naglalaman ng mga tugma sa pantig na walang impit. Ito ay may mga dulong salita na bag**a**, n**a**, at iskuwel**a**.

Samantala, nasa Tugmang Di-Ganap ang sumusunod na tula, **Paraoma, Manong Romy, Mga Bagay-bagay, Mga Estudyante, Hanapbuhay, Kung Ano-ano, Del Sabeniano, Pabasa, Tigsik ning Caramoranon, Tigsik ni Andoy Tignub, Si Manay, Sa Caramoran,** at **Andoy Tignub**. Makikita sa sumusunod na halimbawa ang nasuri ng mga mananaliksik: Di-ganap na tugmaan ang ginamit sa tulang **Para-oma**. Magkakaiba kasi ang tunog ng mga dulong pantig sa mga salitang para-om**a**, samb**a**, piga-ind**a**, bura**n**, pagtio**s**, gaiskwel**a**. Maaaring magkakatugma ang mga salitang para-oma, samba, pigainda, at gaiskuwela subalit hindi nito katugma ang mga salitang buran at pagtios kaya masasabing di karaniwan ang tugmaan. Dalawang saknong sa ikawalong tigsik na **Mga Bagay-bagay** ay gumamit ng di-ganap na tugmaan sapagkat hindi lahat ng salita sa mga dulong taludtod ay magkakatunog. Bagama't ang mga salitang nasa dulo ng taludtod sa unang saknong ay nagtatapos sa patinig subalit nahaluan ito ng isang salitang nagtatapos sa katinig. Ang mga dulong salita sa unang saknong ay dumagt**a**, tanima**n**, dumagt**a**, at bat**a**. Mapapansing ang taniman na nagtatapos sa katinig ay malinaw na hindi katugma ng tatlong salita na nagtatapos naman sa patinig. AA-BB ang di-ganap na tugmaang ginamit sa unang saknong. Ang dulong salita sa una at ikalawang taludtod ay sukra**y** at tuna**y** na masasabing magkatugma samantalang ang ikatlo at ikaapat na taludtod naman ay nagtatapos sa magpunt**a** at bag**a** na magkatugma rin. Tanging ang huling saknong ang gumamit ng tugmang ganap dahil ang mga dulong salita nito ay nagtatapos sa impit na tunog. Ito ay kinabibilangan ng mga salitang sub**a**, suk**a**, at bat**a**.

Sa pagsusuring isinagawa ng mga mananaliksik, makikitang higit na nakararami ang mga saknong na nagtataglay ng tugmang ganap kaysa sa saknong na may pantig na di ganap. Nangangahulugan itong mas nangingibabaw sa mga piling pasalitang tulang Caramoranon ang monorimang tugmaan. Ipinakikita rin nito ang taglay na husay ng mga mambibigkas ng pasalitang tula na bagamat hindi ito pasulat ay kakikitaan pa rin ng mahalagang sangkap ng tradisyonal na pagtula.

## Mga Karaniwang Paksa, Pagpapahalaga, at Aspektong Kultural na Nahango sa mga Pasalitang Tula

Wala nang iba pang paraan upang maging buhay o maipreserba at mapalaganap ang kalinangan ng lahi at mga pagpapahalaga sa pamilya, sa lipunan at maging sa bansa kundi sa pamamagitan ng tradisyong oral na naghahatid ng kaalaman at katalinuhan– natatanging paraan upang ang mga ito'y hindi makalimutan (Banzuela, et al ). Inilalahad sa mga tigsik ang nakatagong talino at ekspresyon sa bawat panahon. Inilalantad nito ang nakatagong pag-uugali ng mga Bikolano. Bawat taludtod ay naghahatid ng makabuluhang diwa na magsisilbing aral at mananatili sa kanilang damdamin (Banzuela et.al.). Ito ay naglalaman ng iba't ibang paksa.

Sa tulang pinamagatang **Datagnon** naging paksa ang katangian ng mga mamamayan dito. Inilarawan na magagaling at matatatag sa anumang pagsubok lalo na sa bagyo ang mga Datagnon. Lagi ng kaakibat ang muling pagbangon pagkalipas ng unos. Naging karaniwang hanapbuhay sa lugar ang pagtatanim ng palay at paggawa ng kopra. Karaniwan na rin sa lugar ang pagtutulungan at pag-aambagan para sa isang proyekto lalo na kung ito ay proyektong pansimbahan. Sa kasaysayan ng bansa, inilarawan na sa simula at simula pa lamang ay kakikitaan na ng kasipagan ang mga Pilipino, wala silang tigil sa paghahanap ng lupaing maaari nilang masaka. Ang bawat bansa ay may sari-sariling kultura, may sari-sariling identidad na madaling pagkakilanlan ng bawat isa kaya natural lamang na magkaroon ang bawat isa ng sariling panitikang magsasalamin sa tangi at tunay na sariling pagkatao at pagkalahi (Arrogante , et. al.,). Kapansin-pansin sa tulang **Kapadean** ang ilan sa mga hindi kanais-nais na asal ng ilang pari ayon sa mga mamamayan ng Caramoran. Tuwirang binanggit ang pagiging mahilig sa babae ng ilan sa mga paring nadestino sa kanilang lugar. Sa mga nobelang *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo* ni Dr. Jose Rizal, mahahango ang ilang pangyayaring gaya ng pagkakagusto sa magagandang babae ng mga paring sina Padre Salve at Padre Camorra. Pinatunayan pa ng pagiging anak ni Padre Damaso ng pangunahing tauhang si Maria Clara sa nobela. Sa tulang **Para-oma,** inilarawan ang kasipagan, paghihirap, at pagsisikap ng isang magsasaka para sa pagpapaaral sa kaniyang mga

anak. Sinabi ni Lepp (ni Asaytuno, 21) na mababakas sa mga akdang gaya ng tulang Para-oma ang kahalagahan ng karanasan ng tao na magbibigay-direksiyon upang matamo ang tunay na kahulugan ng buhay na maghuhubog sa pagkatao at magpapanday ng abilidad upang baguhin ang kinagisnan. Pinaksa naman sa tulang **Kulturang Datagnon** ang katangian ng mga mamamayan sa lugar. Magagaling, mapagmahal, masisipag, at mapagtiis. Pinaksa rin dito ang karaniwang gawain o trabaho ng mga tao sa lugar–ang pagiging *para-hago t* o mag-aabaka at magsasaka. Ayon kay Espinas, ang kultural na kalinangan ay nagpapataas ng imahinasyon ng mga mamamayan at nag-uudyok ng pagkilos sa mga pagbabagong kailangan upang maisakatuparan ang layuning magkaroon ng kaunlarang sosyo-ekonomiko. Sa tigsik na ginawa ni **Manong Romy** (22), pinaksa ang dalawang prutas–ang saging na *bunguran* at papaya. Inilarawan muna ang hugis ng mga ito bago itinulad sa mga kasarian ng tao. Kapansin-pansin sa ilang lalaking manginginom ang pagiging matabil lalo na kapag lasing na kaya may kabastusan na ang mga lumalabas sa bibig nito. Pinaksa naman sa tulang **Catandungeño** ang lalawigan kung saan inilarawan ang pagiging bagyuhin nito. Ngunit sa kabila nito ay nagagawa pang magsaya gamit ang Video 5 sapagkat nananalig pa rin silang makakaya ng bawat mamamayan ang anumang pagsubok ng kalikasan. Hayagang pinaksa rin ang puno ng bayan (gobernador) sanhi ng pagkakatuklas ng isang laboratoryo ng shabu sa lalawigan. Pinaksa sa tulang **Para-hagot** o mag-aabaka na kahit mahirap ang gawaing ito ay may kita pa rin naman kahit papaano. Pinag-iigi nila ang gawaing iyon upang maitawid sa pag-aaral ang mga anak. Sa mga panahong ang abakahan ay nasasalanta, sukdulang mangutang para sa pag-aaral ng anak. Tinukoy rin sa tigsik na sa kabila ng pagsusumikap ng magulang, may ilan pa ring kabataang hindi nagpapahalaga sa kanilang pagpapakahirap. Tungkulin ng magulang ang maghanapbuhay para mapag-aral ang mga anak, ginagawa ang lahat, magtrabaho at kapag kinapos ay mangungutang para sa pagpapaaral ngunit sadyang may mga batang pasaway o hindi pinag-iigi ang pag-aaral. Isang katotohanang pangyayari sa kasalukuyan. Pinaksa sa tulang **Mga bagay-bagay** ang langka bilang isang uri ng prutas na masarap ngunit nagbibigay naman ng mabahong amoy sa katawan lalo na kapag pinagpawisan ang isang kumain nito. Pinaksa rin dito ang isang suklay na pinakaiingatan dahil ibinigay ng isang tunay na kaibigan, gayundin ang tungkol sa isang uri ng kabibe na tinatawag na *sihe* na masarap kahit mayroon ding hindi kanais-nais na amoy. Tuwiran namang tinuligsa sa tulang **Politiko** ang ilan sa katangian ng mga politiko. Binanggit ang ilang kapalaluan ng mga ito na matapos mailuklok sa puwesto ay di na kilala ang mga taong tumulong sa kaniya upang manalo, ang ila'y nagpabaya rin sa mga pangakong proyekto para sa bayan. Naging gawi na rin ng iilan ang bumili ng boto lalo na sa mga kulang sa kaalaman. Inilahad naman sa paksa ng tulang **Mga Estudyante** ang ilan sa inaasta ng mga mga mag-aaral sa kasalukuyan. May ilang kabataang mag-aaral ang nagkukunwang mayaman sa kabila ng totoong kalagayan nila sa buhay, pinansin din ang pagsusuot ng hapit na hapit na damit na hindi angkop sa isang institusyong pang-akademya. Ang pagpuna ay bilang paalala na maging mabuting mag-aaral na isinasaalang-alang ang pagsasakripisyo ng mga magsasakang magulang. Buhay na buhay naman ang pagkakalarawan sa tulang **Hanapbuhay** ng mga panguhahing ikinabubuhay ng mga taga-Caramoran: ang magkokopra, mangingisda, magsasaka, at para-hagot o mag-aabaka. Tinalakay ang hirap ng mga gawaing ito, ngunit may mga panahong hindi masagana ang ani o ang huli. Ang matabang lupa at tamang klima sa bansa ay nakapagluluwal ng iba't ibang uri ng pananim na pagkain at pang-industriya (Oliveros, et. al, 2004). Ito ang pangunahing pinagkukunan ng pagkain at pangangailangan ng mga tao. Pinaksa sa tulang **Kung Ano-ano** ang maseselang bahagi ng katawan ng tao at mga gawaing pagtatalik gamit ang eupemismo ng wika. Bagama't hindi naman tuwiran ang pagkakalahad ng mga ito ay malinaw namang nagpapahayag ng mga gawaing nabanggit. Ayon sa pakikipanayam, karaniwang ginagawa ang pagbigkas ng mga ito sa oras ng inuman ng matatanda at may-asawa lalo pa't ang ilan ay lasing na. Pinatunayan ito nina Banzuela, et.al., na hinango sa natuklasan sa pag-aaral ni Dr. Susana Cabredo na ito ay binibigkas habang nag-iinuman. Pinaksa sa tula ni **Del Sabeniano** ang gamit ng walis-tingting sa mga seremonya ng panggagamot ng mga albularyo at ang mga paraan ng pagprotekta sa mga lamanlupa gamit ito. Tinalakay rin dito ang paraan ng pag-inom sa tasa at paghugas nito, gayundin ang tungkol sa prutas na latundan– isang uri ng saging na inilarawang may mapaklang lasa kapag hindi pa

hinog ngunit napaksarap at napakatamis kapag nahinog na. Ang katangiang ito ng prutas ay nagpapahiwatig na ang mga ito ay organiko kaya masarap at matamis. Sa tulang **Parabasa**, pinaksa ang mga taong nagbabasa ng pasyon. Isang gawaing panrelihiyon tuwing Mahal na Araw. Inilarawan ang ilan sa mga katangian ng mga nagbabasa tulad ng: saulado ng matatanda ang nilalaman ng aklat; may mga dala-dalang nganga habang isinasagawa ang pabasa lalo na ang kababaihan; ang mga lalaki nama'y alak ang aatupagin pagkatapos ng gawaing pabasa. Negatibo naman ang napansin sa ilang nagpapasyon–hindi pinagbubuti ang dasal sapagkat ang handa sa hapag ang inaabangan. Ang kagandahan naman ng lugar ang pinaksa sa tulang **Caramoranon,** ang mga natatago nitong likas na yaman na noong una'y hindi pa natutuklasan ngunit sa pamamagitan ng kagamitang elektroniko, ang dating lugar na hindi bantog ngayo'y dinarayo matapos maikalat ang larawan sa pamamagitang ng social media. Pinatunayan sa tigsik na ang bansa ay masagana sa biyaya ng kalikasan dahil hindi pa ito nasira bunga ng kasakiman ng tao. Pinaksa sa **Tigsik ni Andoy Tignub** ang mga paraan sa pagtatanim ng abaka. Ang kagamitan sa pagtatanim nito hanggang sa proseso at dalhin ito sa merkado. Kapansin-pansin na tradisyonal pa rin ang paraan ng pagtatanim at pag-aani ng abaka sa lalawigan. Inilarawan naman sa tulang **Tignub** ang pagiging likas o birhen ng lugar. Ang kagandahan ng lugar ay nakagagaan sa pakiramdam, nakapapawi ng sakit dahil sa sobrang kapaguran at maaaring makatulog nang matiwasay. Pinaksa rin dito ang masaganang biyaya ng dagat na pinakikinabangan ng mga mamamayan ng lugar. Pinaksa naman sa tulang **Manay** ang tuwirang pagtukoy sa pagkahilig mangapitbahay ng isang babae upang makapangalap ng mga kuwento o kaya ay magkuwento na maaaring may dagdag o may kulang na. Ang pakikipagkapitbahay ay likas na gawain sa isang nayon, makikipagbalitaan o makikipagkumustahan na kalaunan ay nauuwi sa pagkuwentuhan ukol sa buhay ng may buhay dahil wala nang mapagkuwentuhan sa tagal ng usapan. Mapapansin pa rin ang ganitong uri ng gawain lalo na sa mga pamayanang malayo pa sa teknolohiya gaya ng telebisyon at Internet kaya pakikipagkuwentuhan na lang sa kapitbahay ang inaatupag sa mga oras na walang ginagawa. Naging paksa ng tulang **Abakahan** ang tungkol sa pangunahing hanapabuhay ng mga taga-Caramoran–ang pag-hagot o pag-aabaka. Tinukoy rin ang Bitaog bilang isang resort na ngayo'y dinarayo na ng mga Amerikanong napapadpad sa isla. Pinatutunayan dito na mayaman ang bansa sa kalikasan. Sa tigsik ni **Andoy Tignub,** naging paksa naman ang katangian ng mga bagay-bagay sa paligid. Ang bangko na nakatutulong sa mga taong nag-iisip o nangangarap habang dito'y nakaupo. Pinaksa rin dito ang paggamit ng apog sa paghuli ng isdang casili dahil sa madulas na katawan nito.

Kaugnay nito, may mga pagpapahalaga ring nakapaloob sa mga tula. Ang pagtuturo ng pagpapahalaga sa mga mag-aaral ay maisasagawa sa pamamagitan ng mga akdang pampanitikan sapagkat kailanman ay hindi maitatatwang sa mga ito masasalamin ang tunay na pagkatao at pagkalahi ng mga Pilipino at pagkabansa ng bayang Pilipinas kaya maituturing na ang pasalindilang panitikan ang tunay na pamana ng lahi at dapat ariing kayamanan ng kulturang Pilipino (Arrogante, et.al., 29).

Sinabi naman ni Catacataca, na bukod sa wika, ang Panitikang Pilipino ay mabisang kasangkapan din sa pagtuturo ng mga pagpapahalaga. Naglalahad ito ng mga katutubong kaisipan, mithiin at damdamin ng mga Pilipinong sumasaklaw ng mga katutubong kalinangan ng iba't ibang etnikong grupo sa Pilipinas (98). May tatlong pangkalahatang pangkat ang mga uri ng mga pagpapahalagang nakapaloob sa iba't ibang akdang pampanitikan ng bansa: 1.) Ang pakikipag-ugnayan o relasyonal, gaya ng paggalang, pakikipagkapuwa, pakikisalamuha, pakikitungo, bayanihan, pagkakawanggawa, pakikilahok, at iba pa; 2.) Ang nauukol sa damdamin o emosyonal na katulad ng pagmamalasakit, pakikiramay, pagkamakabayan, hiya, bahala na, malasakit sa kaunlaran at kinabukasan, pakikipagsapalaran, at iba pa; at 3.) Ang nauukol sa kaasalan o moral na katulad ng utang na loob, dangal o puri, pananagutan, pagkalalaki/pagkababae, katapatan, katimpian, karapatan, kabutihang-asal, at iba pa. Sa ginawang pagsusuri sa mga piling pasalitang tulang **Caramoranon,** mababakas ang mga pagpapahalagang ito.

Sa tulang **Datagnon,** ang pagpapahalagang kapuna-puna sa mga mamamayan ay ang pagtutulungan at pag-aabuloy lalo pa't nauukol sa pag-aayos ng simbahan sa parokya. Ang pagpapahalaga namang mahahango sa tulang **Kapadean** ay ang pananatiling tagapaglingkod ng simbahan ng mga pari sa kabila ng ilan sa kanilang mga gawi na hindi tanggap ng lipunan. Malinaw na

nakasaad sa **Para-oma** ang pagpapahalaga ng mga magulang sa edukasyon. Kapansin-pansin ang pagtitiis sa paggawa o pagtatrabaho ng isang magulang, mapag-aral lamang ang mga anak. Pinahahalagahan naman sa **Kulturang Datagnon** ang pangunahing hanapbuhay ng mga mamamayan sa lugar. Makikita sa mga tao rito ang pagkamaparaan, hindi lamang isang uri ng hanapbuhay ang pinagkakaabalahan. May mga alternatibong trabaho na mapagkakakitaan kung sakaling ang isa ay nasalanta o hindi pa panahon. Pinahalagahan sa tigsik ni **Manong Romy** ang pagiging palabiro ng mga mamamayan sa Caramoran. Likas na sa mga tao ang pagbibiro upang maging magaan at masaya ang pang-araw-araw na buhay. Tuwirang pinahalagahan sa tulang **Catandungeño** ang pagiging positibo ng mga tagalalawigan kahit pa lagi itong dinaraanan ng bagyo. Dahil sa kalagayan ng isla na bagyuhin, nasanay na ang mga taong tanggapin ang ganitong kapalaran, isang katangian ng pagiging matatag dala na rin ng pagiging maka-Diyos ng mga tao rito na patuloy sa pananampalatayang lagi silang ginagabayan sa mga pagsubok sa buhay. Sa tulang **Mga Bagay-bagay,** pinahalagahan ang pagkakaibigan gayundin ang pagpapahalaga sa pananim. Sa **Politiko,** ang pagtupad sa pangako at pakikisimpatya sa mga taong humihingi ng tulong sa panahon ng eleksiyon ang pinahalagahan. Kapansin-pansin ang pag-asam ng ilang mamamayan sa mga pangakong binitawan ng mga politiko sa kanilang pangangampanya. Tuwirang binanggit sa **Mga Estudyante** ang pagpapahalaga ng mga anak sa pagpapakahirap ng magulang. Ang kasipagan at pagkamaparaan ay likas sa mga mamamayan ng lugar. Ito ang pagpapalahagang mahahango sa **Hanapbuhay**. Hindi lamang isang uri ng hanapbuhay ang kanilang pinagkakaabalahan kundi dalawa o higit pa. Hindi mapasusubalian na bahagi ng kayamanang likas sa bansa ang mga pananim na hindi lamang nagsisilbing pagkain ng mga tao kundi nagiging bahagi rin ng mayamang industriyang nakatutulong sa pamumuhay ng mga taong nakatira sa bahaging ito ng bansa (Oliveros,et al). Gumamit ng eupemismo sa wika sa **Kung Ano-Ano** ang mga mambibigkas upang itago ang mahahalay na kahulugan ng kanilang tula. Sa gayon ay nabigyang proteksiyon ang diwa nito para sa mga kabataang maaaring makarinig o makabasa ng mga ito. Sa tula ni **Del Sabeniano,** kapansin-pansin pa rin ang pagpapahalaga ng mga mamamayan sa mga albularyo gayundin ang mga paniniwalang ikinabit sa mga bagay-bagay gaya ng walis-tingting bilang pangontra sa mga lamanlupa. Pinahalagahan din sa tula ang matatalinghagang kaisipang nakapaloob sa mga bagay-bagay gaya ng paraan ng pag-inom sa tasa at kung paano ito hinuhugasan. Ang pagiging relihiyoso at mabuting samahan ng magkakanayon ang nananalaytay sa mga mamamayan na siyang nangibabaw na pagpapahalaga sa **Pabasa.** Pagpapahalaga naman sa pamilya ang nangibabaw sa tulang **Caramoranon**. Tinukoy rin ang pagpapahalaga ng mga tao sa likas na yaman ng bayan. Sa **Tigsik ni Andoy Tignub,** ang kasipagan at pagtitiyaga sa gawain ang binigyang pagpapahalaga. Pinahalagahan ang pagiging likas (birhen) ng lugar sa tulang **Tignub**. Pinahalagahan din ang masaganang biyayang makukuha sa karagatan at kapakinabangan nito sa pangangailangan ng mga taong nakatira dito. Mabuting pakikisama ang pagpapahalagang mahahango sa **Manay.** Ang isang kaibigan o kapitbahay kapag napadalaw sa tahanan ay hindi basta-basta masabihang umalis o magpaalam na dahil sa sobrang pakikisama. Ang pagkamatanggapin o hospitalidad ay isang malawak na kaugalian pa rin sa kasalukuyan. Ang hindi pagsabi o pagtaboy sa bisita ay nagpapakita rin ng paggalang sa mga panauhin. Ang labis na pagpapahalaga sa edukasyon na siyang pinagsisikapan ng mga magulang sa Caramoran ang mahahango sa tulang **Abakahan.** Pagpapahalaga sa mga sinaunang paraan ng paghuli ng isda ang mababakas sa tulang **Andoy Tignub.** Sa pamamagitan ng paggamit ng apog–isang uri ng pagkaing inihahalo sa pagnganganga, nagagamit din itong panlinis ng isda–ang Casili.

Samantala, hitik din sa aspektong kultural ang naturang mga tula. Ang mga tigsik ay isang patulang uri ng panitikan na karaniwang produkto ng mayamang imahinasyon ng mga mamamayan sa isang lugar na isinalaysay sa tuwing may mga pagtitipon. Karaniwang paksain sa tulang ito ang tungkol sa karanasan ng bawat isa; mga karaniwang nakikita sa kanilang paligid at tunay na karanasan ng mga manunula. Nasuri ng mga mananaliksik ang katulad na paksain.

Ang aspektong kultural na mahahango sa tulang **Datagnon** ay katatagan, kasipagan, at pagtutulungan, mga katangiang nangingibabaw sa mga taga-Datag na minana pa sa mga sinaunang tao na walang kapaguran sa paggawa para lamang mabuhay. Hindi na kaila sa mga Pilipino ang pagkakaroon ng relasyon ng mga pari sa isang babae, ito ay nangyari sa panahon pa ng

mga Kastila na napatunayan na ang katotohanan ng ganitong pangyayari. Ito ang aspektong kultural na nakapaloob sa tulang **Kapadean**. Mababasa sa *Noli Me Tangere* ni Dr. Jose Rizal ang pagiging anak ng pari ng isang mahalagang tauhan sa nobela na si Maria Clara. Nangibabaw sa tulang **Para-oma** ang pagiging masipag at mapagtiis ng isang magulang para sa kinabukasan ng anak lalo na kung nauukol sa edukasyon. Naging karaniwan na sa mga magsasaka ang paniniwalang ang mga anak na pag-aaralin ang aahon sa kanila sa kahirapan. Ang pagkamasipag, mapagmahal, at mapamaraan ay ilan lamang sa katangian ng mga Datagnon, katangiang taglay ng mga ninuno noon. Ito ang aspektong kultural na mahahango sa tulang **Kulturang Datagnon.** Ang pagiging masayahin naman ang aspektong kultural na mahahango sa tulang **Manong Romy.** Ang pagiging masayahin ng lahing Pilipino ay isa sa ugaling dala ng mga dayuhan sa bansa ayon kina Austero, et al (2001). Ang ugaling ito ay likas sa mga Pilipino, anumang problema o balakid ang dumating sa bawat isa ay nagagawa pa ring magpakatatag. Gaya rin ng sinundan, ang pagiging matatag sa anumang pagsubok at pagkakaisa ng mga mamamayan sa anumang kalamidad ang aspektong kultural na mahahango sa tulang **Catandungeño.** Sa tulang **Para-hagot,** ang kulturang mahahango ay ang pagiging positibo ng mga mag-aabaka. Ang paniniwalang "*ang katapat ng paghihirap ay ginhawa*" ay taglay nila kaya binibigyang pagpapahalaga ng mga mamamayan dito ang pag-aaral ng mga anak. Mabuting pagkakaibigan ang mahahangong kultura sa tulang **Mga Bagay-Bagay.** Patunay ng pakikipagkaibigan ang pagbibigay ng regalo. Likas sa mga Pilipino ang ganitong kaugalian. Nagpapasalamat sila sa mga taong naging mabuti't magiliw sa kanila (Halili, 2004). Ang mga eksotikong pagkain ay patuloy pa ring kinakain sa lalawigan, isang gawaing nakamihasnan. Kapansin-pansin sa tulang **Politiko** ang isang katotohanang talamak ang pagbili ng boto sa panahon ng eleksiyon sa lalawigan. Ang pagpapakahirap ng magulang ay kailangang masuklian sa panahon ng kanilang pagtanda, ito ang mensaheng ibig ipaabot sa tulang **Mga Estudyante.** Tuwirang pangaral sa mga anak na pagbutihin ang pag-aaral sa halip na maglakwatsa o pagpabaya sa pag-aaral. Ang pagiging masipag at maparaan ay ilan sa kultura ng mga mamamayan na mahahango sa tulang **Hanapbuhay.** Sa tulang **Kung Ano-Ano,** ang pagbigkas ng mga nakatutuwa at may bahid-kabastusang usapan ang nakapagpapasaya sa mga nag-iinuman. Ang ganitong kalagayan ay karaniwan sa nayon sa panahong sila ay nagkakasayahan maging sa oras ng trabaho o sa kanilang pamamahinga. Pinatunayan ni Dr. Susana C. Cabredo na ang tanging layunin ng tigsik ay mang-aliw. Isang paraan ng kasiyahan na nagpapagaan sa hapong katawan dahil sa maghapong pagtatrabaho (Banzuela, et al.). Ang paniniwala sa ibong tiktik na ayon sa matatanda ay isang uri ng aswang ang mahahango sa tula ni **Del Sabeniano**. Pinaniniwalaan din na ang isang paraan o pangontra rito ay walis-tingting. Ayon kina Ongsotto, et al., may mga Pilipinong nakatira sa liblib na pook ang naniniwala sa mga kababalaghan, sa mga pangyayaring di-kapani-paniwala at karaniwa'y sa mga bata ito inilalahad. Ang paggamit ng matatalinghang kaisipan ng mga ninuno ang mababakas sa isa pang tula ni Del Sabeniano, ang pagkakalarawan sa paraan ng pag-inom sa tasa ay nagpapahiwatig na may magagandang gawi ang isang tao na kinagigiliwan ng iba ngunit kung nagkataong nagkamali, marami ang huhusga, gaya ng paghugas nito gamit ang lahat na hintuturo. Ang paghihintay o pagtitiyaga ay mababakas sa tula ukol sa saging na latundan na pinaniniwalaang nagtatamong pala o nagtatagumpay ang sinumang nagtitiyaga o naghihintay kaysa kamtin ito nang sapilitan, gaya ng saging na hinintay munang mahinog upang manamnam ang kasarapan nito. Mahahango sa tulang **Pabasa** ang pagsasagawa ng Pabasa bilang paggunita sa paghihirap ni Hesukristo. Ang pag-nganganga ay katulad ng pananabako na ginagawa bilang pampalipas-oras ng matatanda. Ayon sa kanilang paniniwala, ito ay isa ring paraan ng pagpapatibay ng ngipin at panggagamot. Mahahango rin ang mabuting pagsasamahan sa ganitong gawain. Sa tulang **Caramoranon,** mahahango ang pagpapanatili sa natural na kalinangan ng isang lugar na isang mabuting nakamihasnan sa isang bayan o sa lalawigan. Ang karaniwang paraan ng pagtatanim sa pamamagitan din ng karaniwang gamit ang kulturang mahahango sa **Tigsik ni Andoy Tignub**. Ang mga sinaunang Pilipino'y gumamit ng ilang kagamitang sila rin ang gumawa para mapadali ang kanilang pagtabas ng halaman at pagputol ng mga kahoy, at iba pa. Sa tulang **Tignub,** mababakas ang pagiging likas o puro ng isang lugar. Masasabing ang isla ay hindi pa gaanong nahahantad sa mga turista o maging sa mga tagaroon. Ang paggamit ng malalalim o matalinghagang pahayag upang mapagkunan

ng aral ay mababakas naman sa **Tasa**, samantala, ang paniniwalang nagbubunga ng gantimpala ang matiyagang paghinhintay ang nakapaloob sa **Latundan**. Ang aspektong kultural na mahahango sa tulang **Manay** ay ang mabuting pag-estima sa bisita. Ito ay kitang-kita pa rin sa nakararaming Pilipino sa kasalukuyan. Naging kaugalian na ng mga Pilipino ang mabuting pakikiharap sa mga taong bumibisita sa kani-kanilang bahay na lalong nagpatingkad sa pagiging hospitable na taglay pa rin ng mga Pilipino saan man sila mapunta. Pagsusumikap ng mga magulang para sa mga anak ang mahahango sa tulang **Abakahan.** Mataas ang pagpapahalaga ng mga Pilipino sa edukasyon. Iginagapang hangga't makakaya upang ang mga anak ay makapagtapos ng pag-aaral. Ang tanging pamanang maiiwan para sa kanilang kinabukasan. Sa tula ni **Andoy Tignub,** inilarawan ang pagiging responsable para sa kinabukasan. Hindi sapat na nauupo lang sa isang tabi para makamit ang tagumpay. Mas mainam na pag-isipang mabuti at pagplanuhan ang mga dapat gawin saka isagawa ang mga hakbang sa pagkamit ng tagumpay. Ang **Casili** ay isang metaporikal na paghahambing sa mga taong walang gaanong sandata sa tagumpay kaya kinakailangan ng apog upang ito ay mahawakan nang maayos. Ang apog naman ay kumakatawan sa kahalagahan ng edukasyon.

Mababakas sa 20 tulang nakalap sa pananaliksik na ito ang kagandahan ng kultura at pamumuhay ng mga Caramoranon. Masasabi mang payak at malayo sa kagandahan ng groteskong siyudad ang kanilang pamumuhay ngunit sa yaman ng kanilang kultura matatanaw ang kanilang dakilang pinagmulan bilang lahi, bilang Catandunganon, at bilang mga Pilipino.

## Kongklusyon

Matapos isagawa ang pananaliksik, pangangalap ng mga datos, at pagbuo ng mga resulta at interpretasyon, nabuo ng mga mananaliksik ang sumusunod na kongklusyon:

1. Karaniwang monorima o ganap ang uri ng tugmaang ginagamit sa mga piling pasalitang tulang Caramoranon subalit may mga mangilan-ngilan ding gumagamit ng di- ganap na tugmaan. Walang tiyak na sukat ang mga piling pasalitang tulang Caramoranon.
2. Ang mga paksa sa mga piling pasalitang tulang Caramoranon ay ang tungkol sa katangian ng mga mamamayan ng Caramoran, mga di kanais-nais na asal ng kaparian sa kanilang lugar, kasipagan at magagandang katangian ng mga magsasaka, pagmamahal at pagtitiis ng karaniwang Caramoranon, mga pagkaing pamoso sa kanilang lugar, pananalasa ng bagyo sa Catanduanes, kapayakan ng buhay ng mga mag-aabaka, tapat na pakikipagkaibigan, negatibong katangian ng mga politiko sa bayan, mga inaasta ng mga mag-aaral sa kasalukuyan, mga karaniwang kabuhayan ng mga Caramoranon, pagtatalik at mga seksuwal na bahagi ng katawan, mga seremonya sa panggagamot, mga gawaing panrelihiyon kagaya ng Pasyon, kagandahan ng kalikasan ng Caramoran, proseso ng papalaki ng abaka, at katangian ng mga bagay-bagay sa paligid.
3. Masasalamin sa mga tigsik ang mga pagpapahalagang tulad ng pagtutulungan at pag-aabuloy, pagpapahalaga sa magulang at edukasyon, pagkamaparaan, pagiging positibo at maka-Diyos, pagpapahalaga sa kaibigan at pananim, pagpapahalaga ng anak sa pagpapakahirap ng mga magulang, paggamit ng eupemismo, pagpapahalaga sa albularyo at sinaunang paniniwala, magagandang samahan ng magkakanayon, pagtitiyaga sa mga gawain, pagpapahalaga sa masaganang biyaya ng karagatan, mabuting pakikisama, at pagpapahalaga sa maayos na paghuli ng isda.
4. Kinasasalaminan ng kultura ng mga Caramoranon ang kanilang mga piling pasalitang tula. Kabilang sa mga aspektong kultural na mahahango sa mga tigsik ay ang katatagan, kasipagan, at pagtutulungan ng mga Datagnon, pagpapakita ng pangyayari sa loob ng simbahan kagaya ng mga nangyari sa panahon ng Kastila, paniniwala sa pagtitiis at pagpapaaral para makaahon sa kahirapan, pagiging mapagmahal at maparaan ng mga Datagnon, ugaling masayahin sa kabila ng mga pagsubok, bayanihan, at pagkakaisa, pagbibigayan ng regalo ng magkakaibigan, bilihan ng boto tuwing eleksiyon, pagbigkas

ng katatawanang may bahid ng kabastusan, paniniwala sa kababalaghan, aswang, at iba pang lamanlupa, pagsasagawa ng pabasa o pasyon, paggamit ng matatalinghagang pananalita, hospitalidad o mabuting pagtanggap sa panauhin, at paniniwalang ang edukasyon ay isang pamanang di-mananakaw ninuman.

## Sanggunian


Abrea, Teresita L. *Paniling sa Lekat: Ritwal ng mga Tao-Sa-Ilud at Tao-Sa-Laya.* Maguindanao: Mindanao State University,2015. Print.

Amante, Jaime Jr., *Mga Kwentong Aswang sa Catanduanes: Isang Pag-aaral (Undergradweyt Tesis).* Catanduanes: Pampamahalaang Unibersidad ng Catanduanes, 2015.

Arrogante, Jose A. Ayuyao, Nunilon G., at Lacanlale, Vilma M. *Panitikang Filipino.* Quezon City: Kalayaan Press Marketing, Ent.Inc., 2004. Print.

Balunsay, Jovert R. *Pasulat at Pasalitang Sintaksis ng mga Mag-aaral ng CSU—Laboratory High School: Isang Linggwistik-Komparatib na Pag-aaral (Completed Faculty Research).* Catanduanes: Pampamahalaang Unibersidad ng Catanduanes, 2014.

-----. *Leksikal, Morpolohikal, at Sintaktikal na Analisis sa 15 Nangungunang Pahayagang Pangkampus sa Antas Sekondarya ng Rehiyong Bikol (Completed Faculty Research).* Catanduanes: Pampamahalaang Unibersidad ng Catanduanes, 2016.

Banzuela, Raffi, et al. *Tigsik of the Bikols.* Legazpi City: J & E Printing Press, 2011. Print.

Catacataca, Pamfilo D. *Wikang Filipino: Mabisang Midyum ng Pagtuturo ng mga Pagpapahalagang Pilipino.* 2006. Print.

Cantar, Maria Charlene A. at Susan M. Tindugan. *Mga Isinaling Kwentong-bayan ng Catanduanes: Isang Pagsusuring Pampanitikan.* Pampamahalaang Unibersidad ng Catanduanes, 2011. Print.

Coroza, Michael. *Panayam: Ang Sining ng Makabagong Pagtula*. Ikalawang Kongreso ng Wika. Lungsod Baguio. 2010.

Cruz, Reggie O. *Pagsusuri sa mga Piling Tulang Kapangpangan: Implikasyon sa Pagtuturo ng Malikhaing Pagsulat sa Filipino.* Lungsod ng Angeles: Angeles City Senior High School, 2014. Print.

Hugo, Benita B. *Sipat, Suri, at Salin sa Filipino ng mga Kontemporanyong Poetikang Bikolnon.* Albay: Bicol University, 2016. Print.

Maamo, Yoem Ma. Mary C. *Bulong: Tradisyunal na Panggagamot ng Tribung Higaonon sa Impalutao, Impasug-ong, Bukidnon.* Lungsod ng Malaybalay: Bukidnon State University, 2015. Print.

Macaraig, Milagros B. *Sulyap sa Panulaang Filipino.* Lungsod ng Quezon: Rex Book Store, (2014). Print.

Madrid, Allan-Jay T. *Kultural na Pagsusuri ng mga Kasabihan sa Munisipalidad ng Virac (Undergradweyt Tesis).* Catanduanes: Pampamahalaang Unibersidad ng Catanduanes, 2016.

Manabilang, Monaimah G. *Mga Elementong Pangnaturalismo sa mga Piling Kwentong-Bayang Maranao.* Marawi City: Mindanao State University, 2014. Print.